MENSAHE SA KAPANGANAKAN NI CRISTO
ng Kanyang Kabanalan Kirill, Patriarka ng Moscow at ng Buong Rus'
para sa mga Arkipastol, mga Pastol, mga Diyakono, mga Monghe at Madre,
at sa lahat ng tapat na anak ng Simbahang Ortodoks ng Russia

Minamahal sa Panginoon na mga arkipastol, kagalang-galang na mga presbitero at mga diyakono, mga monghe at madre na umiibig sa Diyos, minamahal na mga kapatid:

Tanggapin ninyo ang aking buong puso at mainit na pagbati sa maningning na kapistahan ng Kapanganakan ng ating Panginoon, Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo, at binabati ko kayo sa mga salita ng sinaunang himnong:

"Ipinanganak si Cristo — luwalhatiin Siya!
Mula sa langit Siya'y dumating — tanggapin Siya!
Si Cristo'y nasa lupa — umakyat kayo patungo sa Kanya!"
(Irmos ng unang Ode ng Kanon ng Kapanganakan)

Tinawag ng Apostol Pablo ang pangyayari ng banal na Pagkakatawang-tao bilang "dakilang hiwaga ng kabanalan" (1 Tim. 3:16). Sa harap ng hiwagang ito, ang lahat ng karunungang makamundo ay napapahinto sa pagkamangha; ang walang-saysay na kaalamang pantao ay naglalaho. Ang hiwagang ito ay may kapangyarihang magpahinuhod at magpalambot kahit ang pinakamatigas at pinakamanhid na puso. Sa gitna ng kalupitan at kapaitan ng mundong ito, isinilang Siya na makapagpapagaling sa lahat ng pagkakawatak-watak at makapagkakaloob sa atin ng tunay na kapayapaan at ganap na kapahingahan.

Mula nang pumasok ang kasalanan sa buhay ng tao, naghari ang trahedyang pagkakahati sa daigdig, at ang mundo — na napahiwalay sa Lumikha nito na siyang tunay na Bukal ng Liwanag — ay patuloy na bumulusok sa dilim at kaguluhan. Ngunit hindi pinabayaan ng Diyos ang Kanyang nilikha at hindi Siya tumigil sa pag-aaruga rito. Sa matiising paghahanda ng ating kaligtasan, nagkatawang-tao ang Panginoon, pumasok sa kasaysayan ng sangkatauhan at naging isa sa atin. Ang Anak ng Diyos ay naging Anak ng tao, sa lahat ng bagay ay katulad natin, maliban sa kasalanan. Ang malungkot na tanong na minsang narinig sa Hardin ng Eden — "Nasaan ka, Adan?" — ay sa wakas nahanapan ng sagot sa abang yungib malapit sa Belen. "Ang unang tao ay mula sa lupa, buhat sa alabok; ang ikalawang Tao ay mula sa langit" (1 Cor. 15:47), gaya ng isinulat ng Apostol Pablo. Kay Cristo, bilang bagong Adan, "ipinagkasundo ng Diyos ang sanlibutan sa Kanyang sarili" (2 Cor. 5:19); binago Niya ang kalikasan ng tao sa pamamagitan ng pagpapagaling nito mula sa sugat ng kasalanan.

Ang buhay ng tao at ang buhay ng buong sanlibutan ay nagiging ganap lamang sa Diyos. Ito ang payak ngunit malalim na katotohanang pinatototohanan ng kapistahang ito. Paano natin hindi maaalala ang dakilang mga salita ni San Agustin, na may banal na pagkamangha ay niluwalhati ang Pagkalinga ng Makapangyarihan sa lahat: "Nilalang Mo kami para sa Iyo, O Panginoon, at ang aming puso ay hindi mapanatag hangga't hindi ito nagpapahinga sa Iyo" (*Mga Pagtatapat*). Kay Cristo Jesus lamang matatagpuan ang pakikipag-isa sa Diyos at ang tunay na kahulugan ng buhay ng tao, na mula pa sa paglikha ng sanlibutan ay tinawag sa buhay na walang hanggan.

Ang pagdating sa mundo ng Tagapagligtas ay, higit sa lahat, ang paghahayag ng banal na pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan—isang pag-ibig na, sa isang banda, ay walang hanggan at nagtatagumpay sa lahat, at sa kabilang banda, ay mapagpakumbaba, "nagpapasan ng lahat ng bagay, naniniwala sa lahat ng bagay, umaasa sa lahat ng bagay, nagtitiis sa lahat ng bagay" (1 Cor. 13:7).

Paano nga ba tayo tutugon nang karapat-dapat sa dakilang pag-ibig ng ating Manlilikha at lalapit sa Kanya? Nakakamit at pinagtitibay natin ang pagiging malapit na ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ng Ebanghelyo, sa pagtitiyaga at tapat na pag-ibig sa isa't isa, at higit sa lahat

sa patuloy nating pakikipag-isa kay Cristo sa pamamagitan ng pakikibahagi sa Banal na Misteryo ng Eukaristiya.

Ang araw na ito ay kapistahan ng pag-asa; kapistahan ng kapayapaan; kapistahan ng tahimik na kagalakan. Sa pagluwalhati natin sa isinilang na Tagapagligtas at sa pagbati sa Kanya sa pamamagitan ng magagandang himno at awiting pansimbahan, alalahanin natin ang mataas na tawag ng Kristiyano na maging "ilaw ng sanlibutan at asin ng lupa" (Mat. 5:13–14) at "sa tuwing may pagkakataon, gumawa tayo ng mabuti sa lahat, lalo na sa mga kabilang sa sambahayan ng pananampalataya" (Gal. 6:10). Magbigay tayo ng pag-asa sa mga nagdurusa, aliwin ang mga pinanghihinaan ng loob, ibahagi ang ating kagalakan sa mga malapit at malayo, at tulungan ang mga nangangailangan. Sa ganitong pamumuhay, tayo ay tunay na nagiging "samyo ni Cristo para sa Diyos" (2 Cor. 2:15) at nagbubunga ng mga gawaing kalugud-lugod sa Panginoong isinilang.

At sa mga taong dahil sa iba't ibang kalagayan ay nasa labas ng nakapag-liligtas na bakuran ng Simbahan at hindi bahagi ng buhay ng pamayanan ni Cristo, nais kong sabihin: buksan ninyo ang inyong mga puso sa Kanya "na umibig nang gayon na lamang sa sanlibutan kaya ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16). Luwalhatiin natin ang Panginoon at Tagapagligtas dahil sa Kanyang di-maipaliwanag na awa at pag-ibig sa sangkatauhan.

Sa aking pagbati sa inyong lahat sa kapistahan ng Kapanganakan ni Cristo, hinihiling ko sa inyo, minamahal, ang kalakasan ng katawan at ang di-kumukupas na kagalakan sa isinilang na Tagapagligtas. "Sumainyo ang biyaya at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo" (Ef. 1:2). Amen.

+KIRILL
PATRIARKA NG MOSCOW AT NG BUONG RUS'

Kapanganakan ni Cristo
2025/2026
Moscow